



Pandaigdigang Asosasyon sa Kawasaki

KIAN Kumusta Kawasaki

**Nakalathala sa Wikang Hapon/Ingles/Chinese/Koriya o Tsosen/Espanyol/Portugis/
Filipino/Biyetnam/Taylandis/Indonisiya/Nepali/Madaling-Hapon**

Website ng Asosasyon (<https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>)

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-Ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Prefecture

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 <https://www.kian.or.jp/> E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

Tungkol sa Final Income Tax Return

Base sa halaga ng kinita mula **Enero 1 - Dec.31, 2025** magfile ng Final income-tax return.

Kung may tsek sa alin man sa mga sumusunod ay nararapat magpasa o magfile ng income tax return.

☐ Sa mga nakatanggap ng sweldo mula sa dalawa o higit pang kumpanya.

☐ Sa mga hindi nagsagawa ng “nenmatsu chousei”

☐ Sa mga may negosyo

☐ Sa mga kumikita ng higit sa 20 milyong yen sa 1 taon

☐ Maliban sa suweldo ay kumita ng lampas 200,000 yen

☐ Sa mga kailangan magfile ng tax deduction (Medical deduction, donasyon, unang taon ng mortgage atbp.)

Panahon ng pagpapile: Mula Pebrero 16 (Lunes) hanggang Marso 16 (Lunes)

Dahilan sa reporma ng buwis sa taong piskal ng 2025, ilang pagbabago sa sistema sa kita ng buwis.

Ang “basic deduction” at “salary income deduction” ay nabago, at gumawa ng bagong “special deduction para sa mga particular na kamag-anak” ang nilikha. Sa prinsipyo, ang susog na ito ay nagsisimula sa Disyembre 1, 2025 at ilalapat sa mga buwis sa kinita mula taong 2025.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang website ng National Tax Agency.

<https://www.nta.go.jp/publication/pamph/gensen/0025004-025.pdf>

◆ Mayroong impormasyon sa Ingles sa website ng National Tax Agency

<https://www.nta.go.jp/english/taxes/individual/gaikoku301.htm>

◆ Para sa gabay sa paghahanda ng tax return ng mga dayuhan tingnan ang manual ng 2024 edisyon.

<https://www.nta.go.jp/taxes/shiraberu/shinkoku/tebiki/2024/foreigner/index.htm>

Ingles, Chinese, Biyetnamis, Portugis at Nepalis

Multilingual
Manual



Tax offices sa lungsod ng Kawasaki

Mga tanggapan sa lungsod ng Kawasaki	Address at numero ng telepono	Sakop na lugar
Kawasaki Kita Zeimusho	Kawasaki-shi, Takatsu-ku, Hisamoto 2-4-3 (044-852-3221)	Nakahara-ku, Takatsu-ku, Miyamae-ku
Kawasaki Nishi Zeimusho	Kawasaki-shi, Asao-ku, Kami-Asao 1-3-14 (044-965-4911)	Tama-ku, Asao-ku
Kawasaki Minami Zeimusho	Kawasaki-shi, Kawasaki-ku, Momachi 3-18 (044-222-7531)	Kawasaki-ku, Saiwai-ku

Magsasagawa ng Disaster-Prevention Drill sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki. Sali na!

Sa kooperasyon ng Nakahara Fire Dept. at mga samahan ng purok, sama-samang magsasagawa ng disaster drill ang mga mamamayang hapon at dayuhan.

【Petsa】 Pebrero 20, 2026 (Biyernes) 10:00 am-12:00 pm

【Lugar】 Espasyo sa harapan ng Kawasaki International Center.

【Nilalaman】 May ladder truck, pag-ranas sa usok, paggamit ng fire distinguisher at AED atbp.

【Halaga】 Libre

【Patala】 Hindi kailangan. Magsisimula ng 10:00am

【Tanggapan】 (publiko) Kawasaki International Center

Tel : 044-435-7000

E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

May drill kahit
na umulan



Karagdagang
impormasyon



Kaganapan sa Sentro mula Enero-Marso 2026

Kurso • Kaganapan	Petsa at oras	Pagsali	Nilalaman
Masaya at Kapaki-pakinabang na Wikang-Nihonggo para sa mga Dayuhan Nihonggo 	Pang-umagang kurso (Martes at biyernes) Enero 6 - Marso 10 9:50 am-11:50 am	¥10,450 (19 beses) Bukod ang bayad sa libro	Group Lesson (1 class, mga 10 katao) Magkabukod depende sa level/antas. Mula beginner hanggang advance level . Mayroong 8-11 level classes. Tanggapan na para sa mga nais magparehistro. Magdala ng 1pc. photo ID (3cm x 4cm)
		May paalagaan. 1 taong gulang pataas. Libre	
	Panggabing kurso (Miyerkules) Enero 14-Marso 18 6:30 pm-8:30 pm	¥4,950 (9 beses) Bukod ang bayad sa libro	
		Walang paalagaan	
Spring break Language class para sa mga bata English A English B Wikang Espanyol 	Marso 26 (Huwebes)-28 Ingles A 1:00 pm - 2:00 pm Ingles B 2:30 pm -3:30 pm Espanyol 10:30 am-11:30 am	Halaga: ¥3,300 (Kasama ang gamit sa pag-aaral) Mula Pebrero 2, Miyer. Simula ng tanggapan *First come first serve	Katutubong guro para sa Pambatang Ingles A (Elem.gr.1 & 2) Pambatang Ingles B (Elem.gr.3 & 4) Espanyol (Elem.grade 1 & 5) Halinang mag-aral.
Ika-31na pagtatanghal ng “Nihonggo Speech Contest” para sa mga dayuhang mamamayan	Pebrero 7 (Sab.) 1:00 pm-3:30 pm Pagkatapos ng paligsahan, may pagtitipon mula 3:30 pm-4:30 pm (Plano)	Kailangan mag-parehistro kung gusto sumali sa pagtitipon Halaga : LIBRE Bilang : 100 Katao Maari ng magparehistro	 Ang pwedeng sumali sa talumpatiani ay dayuhang wala pang 5 taon na naninirahan sa Japan. Special guest : Magkakaroon ng sayawan at awitan ang Group Patou at Los Carrunas.
Ika-23 Kanagawa Biennial world children Art exhibition 	Pebrero 4 (Miyerkules) hanggang Pebrero 17 (Martes) 9:00 am-9:00 pm *Sarado ang pasilidad sa Pebrero 16	Sa lobby ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki Admission Fee : LIBRE	Mula sa 71 na bansa at rehiyon na nagsumite, ipapakita ang humigit-kumulang na 100 na art, kabilang ang nagwagi ng Grand Prize
Global Citizen Course 	Marso 14 (Sabado) 1:00 pm-4:00 pm (plano)	Lekturer : Mr.Takanori Hayao (Propesor sa Tokyo Keizai University) Paglahok : ¥500 Kapasidad: 200 katao Tanggapan na!	 Ito ay isang lektur tungkol sa isyu ng Palestina at Israel. May kasamang pelikula na mapapanood.

Pakunsultahan ng mga Dayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Malayang sumangguni kung may mga alalahanin sa pamumuhay sa Japan at kung may mga katanungan.(Libre)

MAARI DING KOMUNSLTA SA ZOOM !

Telepono 044-455-8811

Oras ng konsultasyon 9:00 am-5:00 pm

Maaring kumonsulta kahit na wala sa araw ang tagapayo ng hanggad na wika (Gagamit ng 3 way call translation)

Website para sa rehistrasyon sa Online na konsulatyon

Wika	Araw	Paraan ng pagtanggap
Madaling hapon, Ingles, Chinese Portugis, Espanyol, Filipino, Nepalís, Koriya, Taylandes, Bietsnamis	Lunes-Sabado	Wikang may tagapayo (Babala) Depende sa araw, may pagkakataon na wala ang tagapayo. Gagamit ng 3 way call interpretation sa konsultasyon
Indonisya	Lunes-Biyernes	
Hindu, Pranses Russia, Malay at wikang Myanmar	Lunes-Biyernes	Maaring kumonsulta gamit 3way phone call translation.



Website ng Online Consultation



Website ng KIAN

Libreng Pakonsultahan sa Administrative Scrivener

Maraming hanay na paksang maaaring ikonsulta ngunit ang pangunahin ay ang **iba't ibang aplikasyon, pagproseso ng mana, Visa, pagtatag ng kompanya, pagbalangkas ng kontrata at testamento.** Tuwing ika-3 linggo ng buwan. Ang konsulta ay sa Nihonggo lamang subalit maaring magrequest ng translator, may bayad. Pebrero 15 (Linggo), Marso 15 (Linggo) 2:00 pm-4:00 pm (2F ng Center meeting room)